

Ang Pilosopiya ni Sr. Mary John Mananzan, OSB

Leslie Anne L. Liwanag

Abstract: The philosophy of a Filipina in the academe is often equated with the name Emerita S. Quito. However, the purpose of this study is to shed light on the important aspects in Sr. Mary John Mananzan's philosophy, whose works generally made a wide contribution in the said field. Aside from her intellectual biography, the paper also surveys the following points in order to attain the purpose of the study: 1) her theoretical and praxiological foundation, 2) her reflective thoughts in philosophy, 3) her discourse about the Filipino philosophy, 4) her method in philosophizing, 5) her praxeology, and 6) her view on the Philippine society. The end of this paper concludes with the implications of these aspects in the Filipino philosophy.

Keywords: Mananzan, *mga manipestasyon ng pilosopiyang Pilipino, teorya, praksiyolohiya*

Introduksyon

Ibabahagi ng papel na ito ang mahahalagang aspekto at puntos ng kaisipan ng pilosopong Pilipina, feminista, aktibista, at madreng si Sr. May John Mananzan (1937). Hindi man kasing komprehensibo ni Emerita S. Quito ang kanyang pananaw ukol sa larangan ng pilosopiya, mawawaring naging sandigan ni Mananzan ang kalikasan nito upang mapagtagumpayan ang kanyang adbokasiya. Hangarin ng pag-aaral na itong matukoy ang mga puntos ng pamimilosopiya at diskurso ni Mananzan. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, makikita ang paglalarawan ng iba't ibang bahagi ng kaisipan ni Mananzan at mababatid ang kanyang malaking kontribusyon sa larangan ng pilosopiya.

Intelektwal na Talambuhay ni Mananzan

Ipinanganak ang babaeng pantas bilang Guillermina Mananzan sa Dagupan, Pangasinan noong ika-6 ng Nobyembre 1937. Nagsilbing hukom ng munisipyo ang ama at guro sa hayskul naman ang ina. Iginiit ng ina upang mag-aral siya ng hayskul sa St. Scholastica's College (SSC) sa Maynila. Samantalang nasa hayskul si Mananzan, naging masugid siyang tagasunod ng karismatikong guro na si Bb. Coney Lopez-Reyes. Sinisikap ni Bb. Reyes na tipunin ang mga batang mag-aaral para sa pagbabasa ng libro at diskusyon ukol sa klasiko, modernong intelektwal, at espirituwal na tradisyon.¹ Ipinagpatuloy ni Mananzan ang kanyang kolehiyo sa nasabing institusyon. Dito kumuha siya ng Batsilyer ng Agham sa Edukasyon, medyor sa Kasaysayan at nagtapos bilang magna cum laude. Matapos ang edukasyon sa kolehiyo, napagdesisyonan niyang sumapi sa Orden ni San Bendikto, ang ordeng nagpapatakbo at nangangasiwa sa SSC.

Sa pagkakataong ito, pinalitan ang kanyang orihinal na pangalan at binigyan ng relihiyosong pangalan na "Mary John." Mapalad si Mananzan na makapag-aral sa University of Münster, Alemanya kung saan nakuha niya ang diploma sa misyolohiya (missiology). Sa Pontifical Gregorian University, Roma, niya natamo ang doktoral na digri sa pilosopiya. Sa University of Münster, nawili siya sa kaisipan ng Alemang teolohistang si Karl Rahner (1904-1984) na nagdulot ng direksyon sa Ikalawang Konsilyong Vatikano (Vatican Council II). Sa Pontifical Gregorian University, isinulat ni Mananzan ang disertasyong may titulong *The Language Game of Confessing One's Belief: A Wittgensteinian-Austinian Approach to the Linguistic Analysis of Creedal Statements*² at nagkaroon ng rekognisyon bilang kauna-unahang babaeng nagtapos ng summa cum laude.

Taong 1973, bumalik si Mananzan sa Pilipinas na nasa ilalim ng Batas Militar. Kaakibat ang kanyang kadalubhasaan sa pilosopiya ng linggwistika nina Ludwig Wittgenstein (1889-1951) at John Langshaw Austin (1911-1960), ipinagpatuloy niya ang mapayapang buhay bilang propesor ng pilosopiya sa Pamantasang Ateneo de Manila.

Pagkatapos ng pakikiisa kontra sa pagmamalabis ng La Tondena Distillery sa mga manggagawa, naging tagapagtaguyod ng teolohiyang mapagpalaya (liberation theology) si Mananzan na nahinuha kay Carlos

¹ Cf. Paolo Liwag, *A Biography of Sr. Mary John Mananzan, OSB: A Look into a Socio-Political Activist Radicalization* (Thesis, Manila: De La Salle University, 2008), 10.

² Mary John Mananzan, *The Language Game of Confessing One's Belief: A Wittgensteinian-Austinian Approach to the Linguistic Analysis of Creedal Statements* (Tübingen: Niemeyer, 1974).

Abesamis (1934-2008).³ Mula sa mga biktima ng opresyon, unti-unting nagpokus ang politikal niyang pakikisalamuha sa isa sa mga bulnerableng sektor ng lipunang Pilipino: ang kababaihan.

Dahilan ito upang maugnay siya sa mga organisasyong may oryentasyong feminista tulad ng Filipina at General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Leadership, and Action (GABRIELA) noong 1984; ang Institute of Women's Studies sa SSC noong 1988; ang Women's Crisis Center noong 1989; Life-Long Learning and Wellness Center sa SSC noong 1997; at ang Consortium of Women's Colleges noong 2001.

Bilang patunay sa kanyang kahusayan at dedikasyon sa teorya at praksis ng teolohiya, politika, at feminismo, nakamit ni Mananzan ang mga sumusunod na rekognisyon: ang Dorothy Cadbury Fellowship sa University of Birmingham noong 1994, ang Henry Luce Fellowship sa Union Theological Seminary of New York noong 1995, an Asian Public Intellectual Fellowship noong 2002, Outstanding Woman Leader Award mula sa Maynila noong 2009, at naging bahagi sa listahang "one of the 100 inspiring persons in world" na pinamunuan ng Women Deliver noong 2011. Sa kasalukuyang edad na 78, aktibo pa rin si Mananzan sa kanyang pilosopiya, teolohiya, at praksiyolohikal na adbokasiya.

Ang mga Obra ni Mananzan

Hindi katulad sa kaso ni Quito, walang natagpuan ang mananaliksik ng mapagkatiwalaang listahan ng mga tekstong nailathala ni Mananzan. Hindi rin katulad kay Quito na nakapokus sa pagtuturo at pananaliksik, nakita si Mananzan bilang mas aktibo sa politikal na pakikibaka at pansamahang pakikiisa. Kaya sa halip na magkaroon ng mga libro at artikulo, mas nakatuon si Mananzan sa pagsusulat ng maiikling sanaysay at talumpating kalaunang inilathala bilang mga bahagi ng libro.⁴ Bukod dito, mayroong isang aklat na bersyon ng kanyang mga natatanging monograph ng disertasyon noong 1973 at sariling talambuhay na pinamagatang *Nonsense: the Spiritual Journey of a Feminist Activist Nun* noong 2012.

Para sa mithiin ng pag-aaral na sisirin ang kanyang pilosopikal na diskurso, minabuting piliin ang mga sumusunod na sanaysay at talumpati mula sa kanyang aklat na 1) *Essays on Women* ng 1987, 2) *Challenges to the Inner*

³ Cf. Mary John Mananzan, "The Religious Woman Today and Integral Evangelization" in *Woman and Religion: A Collection of Essays and Personal Histories* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1988), 44-45.

⁴ Leslie Anne L. Liwanag and F.P.A. Demeterio III, "The Theory and Praxis of Sr. Mary John Mananzan, OSB: Some Contributions to Filipino Philosophy" (Paper Presented at the *Pambansang Kumperensiya sa Araling Filipino*, Corregidor, Bataan, 15-16 May 2015).

Room: Selected Essays and Speeches on Women ng 1998, 3) *Woman and Religion* ng 1998, at 4) *Woman, Religion and Spirituality in Asia* ng 2004.

Sa pagkakataong ito, malalimang sinuri ng mananaliksik ang mga artikulong kabilang sa mga sumusunod na tala ng aklat na pinili mismo ni Mananzan sa dahilang kinakitaan niya ito ng higit na kahalagahan ng kanyang diskurso. Gayong may kontribusyon din ang iba pang feministang manunulat sa mga aklat na *Essays on Women* at *Woman and Religion*, minabuti pa ring isama ang dalawa sapagkat pinangunahan niya ang pagsasaayos nito bilang bahagi ng kanyang pangarap at ng mas malaki pang pangarap upang noo'y makapagsimula sa pagbubuo ng institusyon para sa araling pangkababaihan. Buhat nito, matatagpuan dito ang tig-tatlong artikulong pinakapuso ng kanyang pilosopikal na kaisipan.

| Aklat | Pamagat ng Artikulo / Sanaysay ni Mananzan |
|------------------------------|--|
| Essays on Women | The Filipino Woman: Before and After the Spanish Conquest of the Philippines |
| | Sexual Exploitation of Women in a Third World Setting |
| | Emerging Spirituality of Women: The Asian Experience |
| Challenges to the Inner Room | 1. Women, Religion, and Spirituality |
| | Redefining Religious Commitment Today: Being a Woman Religious in a Third World Country |
| | Christ to A Contemporary Religious Woman |
| | Crisis as a Necessary Impetus to Spiritual Growth |
| | The Roots of Women's Oppression in Religion |
| | The Role of Women in Evangelization |
| | Benedictine Values and the Woman Question |
| | Jesus Meets the Weeping Women of Jerusalem: The Filipino Women See Their Vision through the Tears |
| | Theological Reflections on Violence Against Women |
| | 2. Women in the Third World |
| | Women of the Third World |
| | The Emerging Spirituality of Asian Women |
| | Feminist Theology in Asia: A Ten-Year Overview |
| | Religion, Culture, and Aging: An Asian Viewpoint |
| | The Jubilee Year from Asian Women's Perspective |
| | 3. Women in the Philippines |
| | The Filipino Woman: Before and After the Spanish Era |
| | Feminine Socialization and Education to Feminism |
| | Women's Studies in the Philippines |
| | Prostitution in the Philippines |

| | |
|--|--|
| | Filipino Migrant Workers in Spain |
| | Enhancing the Health of the Filipino Women |
| | The Paschal Mystery from a Philippine Perspective |
| Woman and Religion | Woman and Religion |
| | The Religious Woman Today and Integral Evangelization |
| | Towards an Asian Feminist Theology |
| Woman, Religion, and Spirituality in Asia | PERSPECTIVES |
| | Introduction: My Story, a Personal Perspective |
| | The Asian Feminist Theology of Liberation: A Historical Perspective |
| | WOMEN IN ASIAN WORLD RELIGIONS |
| | Asian Women and Christianity: A Feminist Theological Perspective |
| | The Basics of Hinduism |
| | Women in Hinduism |
| | The Basic Teachings of Buddhism |
| | Women in Buddhism |
| | Basic Tenets of Islam |
| | Women in Islam |
| | WOMEN IN NON-WORLD RELIGIONS IN ASIA |
| | Women in Confucianism |
| | Women in Indigenous Religions |
| | Women in New Religions of Japan: Tenrikyo |
| Women in Folk Religions | |

Talahanayan 1: Mga Artikulo ni Mananzan sa *Essays on Women, Challenges to the Inner Room, Women and Religion, at Women, Religion, and Spirituality in Asia.*

Maliban sa intelektwal na talambuhay ni Mananzan, sinusuri ng papel ang anim na aspekto ng kanyang kaisipan: 1) ang kanyang teoretikal at praktisyolohikal na batis, 2) ang kanyang replektibong pananaw sa pilosopiya, 3) ang kanyang diskursibong katayuan sa pilosopiyang Pilipino, 4) ang kanyang metodo sa pamimilosophiya, 5) ang kanyang praktisyolohiya, at 6) ang kanyang pananaw sa lipunang Pilipino.

Teoretikal at Praktisyolohikal na Batis ni Mananzan

Naging pundasyon ni Mananzan ang misyolohiya sa Alemanya na umiinog sa esensya ng plano ng Diyos upang manumbalik ang mga likha sa

orihinal na layunin at kabuoan. Nakatali ang misyon sa konsepto ng *Missio Dei* sapagkat bilang mga nilikha, may pribilehiyo ang bawat taong makiisa sa plano ng Diyos. Kombinasyon ng pagtulong sa proklamasyon ng Salita ng Diyos at ang pakikiisa sa panlipunang gawain at pagkamit ng katarungan ang mithiin ng mga misyolohista.⁵

Malaki ang kaugnayan nito sa pananaw ni Mananzan sapagkat isa sa mga katangian ng *Missio Dei* ang ideya ng kaligtasan bilang hindi lamang pagkakasalba ng mga kaluluwa, bagkus restorasyon sa aspekto ng espirituwal, pisikal, komyunal, at transpormasyon ng mundo.⁶ Sa Alemanya nabuksan ang kaisipan ni Mananzan sa iba't ibang teolohiya. May mga pagkakataon pang nabibigla siya sa mga dinadaluhang seminar, kung saan aminadong muntik na niyang talikuran ang sariling pananampalataya. Dito nagsimulang dagundungin ang kanyang mga nakasanayang paniniwala. Dito siya lubos nakondisyon at nagkaroon ng mas malawak na pag-iisip ukol sa Katolisismo.⁷

Hindi nagtagal, napagdesisyonan ni Mananzan na ipagpatuloy ang pag-aaral sa larangan ng pilosopiya. Sa kasong ito, kinailangan niya ng tagapayo (mentor) sa kanyang kukuning doktoradong digri. Sa tulong ng kanyang kaibigang si Sr. Dabalus, nakahanap sila ng isang tagapayong Aleman na nagtuturo sa Gregorian University sa Roma. Sinabi ng self-professed na Marxistang propesor na kinakailangan niyang tumungo sa nasabing bansa sapagkat doon siya nagtuturo.

Matapos magpunta ni Mananzan sa Roma, nakamit niya ang Licentiate sa Pilosopiya noong 1971. Aminado napakarami niyang natutunan sa Marxistang propesor kumpara sa iba pang mga nagtuturo sa unibersidad. May mga sandaling mahaba ang oras na kanilang ginugugol para sa talakayan sa pilosopiya at kasaysayan. Dumating pa sa puntong nagkagusto ito kay Mananzan, ngunit hayagang sinabi sa propesor na maghanap na lamang ng iba dahil hindi siya ang nararapat para rito.⁸ Sa kabila nito, importanteng tingnan kung ano ang diskurso ni Karl Heinrich Marx (1818-1883) na may kontribusyon sa kaisipan ng babaeng pantas. Kaangkla ng kursong batsilyer ni Mananzan sa kasaysayan, sentro sa teorya ng nakaraan ni Marx ang pagyabong at pagbagsak ng isang lipunan para sa produktibong kapangyarihan ng tao. Nagmistulang isang puna o kritisismo sa namamayaning estruktura ng lipunan ang pilosopiya ni Marx. Binungkal

⁵ Cf. Andrei Kravstev, "What is Missiology?" (Unpublished Paper submitted to Trinity Evangelical Divinity School, 2012).

⁶ *Ibid.*, 1.

⁷ Cf. Mary John Mananzan, "My Story," in *Woman, Religion, and Spirituality in Asia* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 2004), 5.

⁸ Cf. Liwag, *A Biography of Sr. Mary John Mananzan, OSB: A Look into a Socio-Political Activist Radicalization*.

niya ang mga sanhi ng pagkaapi at pagdarahop ng masa. Tinuligsa niya ang pagkaugat ng walang-katarungan ng umiiral na kalagayang sosyal.⁹ Paniwala ni Marx, pinatatakbo ng mayayaman (burgis) ang kapitalismo para sa kanilang kapakinabangan, kahit pa humantong sa eksploitasyon ng mga manggagawa (proletaryat).

Kung unang pumosisyon si Quito sa Tomismo bilang sistema ng kaisipan, umangkla naman si Mananzan sa diskurso nina Ludwig Wittgenstein (1889-1951) at John Langshaw Austin (1911-1960) bilang panimulang batis. Malinaw na naging sandigan niya ang mga ito sa kanyang disertasyong pinamagatang, *Language Game of Confessing One's Belief: Wittgensteinian-Austinian Approach to the Linguistic Analysis of Creedal Statements*.

Pangunahin sa kaisipan ng Austriano-Briton na pilosopong si Wittgenstein ang lohika, pilosopiya ng matematika, pilosopiya ng isip, at pilosopiya ng wika. Malaki ang ambag nina Arthur Schopenhauer (1788-1860), ang guro na si Bertrand Russell (1872-1970), at ang kaibigang si Gottlob Frege (1848-1925). Sa pamamagitan ng kanilang impluwensiya sa kaisipan ni Wittgenstein, ipinanganak ang natatanging niyang obrang pinamagatang, *Tractatus Logico-Philosophicus* na tumatalakay sa mga suliranin ng pilosopiya. Partikular dito ang metodo ng pagbubuo ng mga nasabing suliraning nakabatay sa hindi pagkakaintindihan ng ating mga lohika ng wika.¹⁰

Sa kabilang banda, naging pokus ng diskurso ni Austin na ang gawaing sentral ng pilosopiya ay ang maiangat na pagpapaliwanag ng ilan sa mga konsepto ng pangkaraniwang pagpapahayag. Datapwat hindi tulad ng iba, naniniwala siyang ang pagpapahayag na ito ay may sariling kahalagahan kakaiba sa pagpapadali sa pag-uunawa ng ilang palaisipan sa pilosopiya sapagkat ayon sa kanya, ang pagpapaliwanag sa mga maselang bahagi ng pangkaraniwang pagpapahayag ay nagpapaliwanag din sa mga maselang bagay hinggil sa mundo.¹¹

Gayunpaman, sa tala ng intelektwal na talambuhay ni Mananzan, mahihinuhang hindi sila malalimang nakaimpluwensiya sa kanyang pilosopiya at natigil na lamang ito sa pagkakalathala ng kanyang disertasyon.

Alinsunod dito ang kanyang pagiging tagapagtaguyod ng teolohiyang mapagpalaya (liberation theology). Nakaimpluwensiya sa teolohikal niyang pag-iisip si Carlos Abesamis (1934-2008), isang Pilipinong kilala sa kanyang teolohiyang mapagpalayang naglulunsad ng anyo ng

⁹ Romualdo E. Abulad and Emerita Quito, *Ensayklopidya ng Pilosopiya* (Manila: De La Salle University, 1993), 168.

¹⁰ Ludwig Wittgenstein, *Tractatus Logico-Philosophicus*, trans. by C.K. Ogden (Project Gutenberg, 2010), 23.

¹¹ Virgilio Enriquez, *Mga Babasahin sa Pilosopiya: Epistemolohiya, Lohika, Wika, at Pilosopiyang Pilipino* (Quezon City: Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 1983), 146.

seminaryong nakiisa sa sosyo-politikal na reyalidad bilang pakikiramay. Inangkla ni Abesamis ang konseptong ito sa kanyang malalimang pagbabasa ng doktrina ng kaligtasan bilang holistikong pagkakatubos ng kaluluwa.¹²

Hinarap ni Mananzan ang mga baluktot na pamamalakad ng politikal na ekonomiya ng Pilipinas gamit ang teolohiyang mapagpalayang nahinuha niya mula kay Abesamis na sentro ang kongkreto at lubos na kaligtasan (concrete and total salvation). Makapangyarihan ang kabatiran ni Abesamis sa dahilang hindi literal ang kanyang pagpapakahulugan sa kaligtasang matatagpuan sa aklat ng Exodo. Para sa kanya, hindi lamang nauukol ang kaligtasan sa pagkakasalba ng kaluluwa mula sa kasalanan, bagkus bilang isang aktwal na kalayaan ng mga Israelitang nakaantig sa kabuoang pagkatao sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.¹³

Sa pagkakataong ito, hindi lamang tumuon si Mananzan sa bahagi ng lipunang nakararanas ng opresyon; naging malinaw din sa kanya ang diskriminasyon sa kababaihang masasaksihan sa hirarkiya at patriyarkal na pamamalakad ng Simbahang Katoliko. Bukod dito, ipinagpatuloy ni Mananzan ang kaisipan ng Romano-Amerikanong teolohistang si Elisabeth Schüssler Fiorenza (ipinanganak noong 1938) na nag-abala naman sa imahen ni Hesus ng Nazareth bilang nanguna sa relihiyosong kilusang naging dahilan kaya naisantabi ang diskriminasyon sa lahi, relihiyon, lipunan, at kasarian.¹⁴ Gayong napanatili ng mga tagasunod ni Hesus ang rebolusyong ito matapos ang kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, tila naglaho itong muli nang mamayani ang matatag na patriyarkal na kultura ng mga Griyego at Romano. Tinawag itong “eklesiyastikong patriyarkalisasyon” (ecclesiastical patriarchalization) na “humantong sa pagbubukod ng kababaihan mula sa serbisyong pansimbahan.”¹⁵

Replektibong Pananaw sa Pilosopiya sa Pilipinas ni Mananzan

Hindi tuwiran ang pagtalakay ni Mananzan ukol sa kanyang pananaw sa pilosopiya sa Pilipinas. Gayunman, mababakas mula sa kanyang intelektwal na buhay ang kahalagahan ng pagkakaroon nito na nakaangkla sa kanyang adhikaing maiahon sa lusak ang mga biktima ng opresyon, lalo na ang kababaihan. Malinaw ang kanyang feministang pilosopiya sa mga sumusunod na pangyayari sa kanyang buhay: 1) ang purong pilosopiya at

¹² Mananzan, “The Religious Woman Today and Integral Evangelization,” 44-45.

¹³ *Ibid.*, 44.

¹⁴ Cf. Mary John Mananzan, “Woman and Religion,” in *Woman and Religion: A Collection of Essays and Personal Histories* (Manila: Institute of Women’s Studies, St. Scholastica’s College, 1988), 6-7.

¹⁵ *Ibid.*, 7.

teolohiyang markado ng disertasyong may kinalaman sa kaisipan nina Wittgenstein at Austin, 2) ang paninindigan sa pilosopiya ng teolohiyang mapagpalaya dahil napagtantong walang silbi ang binubuong teolohiyang Pilipino kung malayo sa karanasan at mga pasakit ng lipunang Pilipino, at 3) ang pagtuon sa woman question nang lumahok sa Women's Conference sa Venice noong 1977.

Sa mapayapang buhay bilang propesor sa Heswitang institusyong Ateneo, napalapit si Mananzan sa grupong Interfaith Theological Circle na bumubuo ng teolohiyang Pilipino sa pamamagitan ng pamimilosopiya. Kasama ang iba pang miyembro ng grupo, napagtanto niyang hindi uusad ang pagbabalangkas ng pilosopiyang ito kung ipagpapatuloy ang talakayan sa loob ng komportableng silid-aklatan o sa nakapakong espasyo ng unibersidad.¹⁶ Ito ang sitwasyong nagtulak sa kanya upang mag-ukolpanahon sa labas ng kombento at sumapi sa ebanghelikal na gawain kabilang ang mahihirap at manggagawa ng Maynila.

Buhat nito, mawawaring kung pinalitadahan ng mobilisasyon sa La Tondena Distillery ang radikal na politika ni Mananzan, ang partisipasyon niya sa komperensyang pangkababaihan sa Venice na pinangunahan ng World Council of Churches noong 1997 ang humulma ng kanyang paninindigan sa pilosopiyang feminism.¹⁷ Ito ang nagtulak sa kanyang lumahok at pangunahan ang ilang maka-feminismong institusyon at organisasyong nabanggit kanina.

Diskursibong Katayuan sa Pilosopiyang Pilipino ni Mananzan

Uumpisahan ang pagtuklas sa diskursibong katayuan ni Mananzan sa pilosopiyang Pilipino sa pamamagitan ng pag-uuri ng kanyang tekstwal na produksyon gamit ang iskema ng labing-dalawang diskurso ng pilosopiyang Pilipino ni Demeterio. Ipinapakita sa Talahanayan 2 kung titulo, bilang, at ang porsyento sa mga obra ni Mananzan ang kabilang sa nabanggit nang labing-dalawang diskurso ng pilosopiyang Pilipino:

| Taksonomiya | Titulo | Bilang ng mga Akda | Percentage |
|------------------|--------|--------------------|------------|
| Logical Analysis | | 0 | 0.0% |

¹⁶ Cf. Mary John Mananzan, "Redefining Religious Commitment Today: Being a Religious in a Third World Country," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1988), 4-5.

¹⁷ Heather L. Claussen, *Unconventional Sisterhood: Feminist Catholic Nuns in the Philippines* (Ph.D. Dissertation, San Diego: University of California, 1998), 388.


| | | | |
|---|--|----|-------|
| Phenomenology / Existentialism / Hermeneutics | | 0 | 0.0% |
| Critical Philosophy | <p>"The Filipino Woman: Before and After the Spanish Conquest of the Philippines," "Sexual Exploitation of Women in a Third World Setting," "Emerging Spirituality of Women: The Asian Experience," "Redefining Religious Commitment Today: Being a Woman Religious in a Third World Country," "Christ to a Contemporary Religious Woman," "Crisis as a Necessary Impetus to Spiritual Growth," "The Roots of Women's Oppression in Religion," "The Role of Women in Evangelization," "Benedictine Values and the Woman Question," "Jesus Meets the Weeping Women of Jerusalem: The Filipino Women See Their Vision Through the Tears," "Theological Reflections on Violence Against Women," "Women of the Third World: Beyond the Patriarchal Age," "The Emerging Spirituality of Asian Women," "Feminist Theology in Asia: A Ten-Year Overview," "Religion, Culture, and Aging: An Asian Viewpoint," "The Jubilee Year from Asian Women's Perspective," "The Filipino Woman: Before and After the Spanish Era," "Feminine Socialization and Education to Feminism," "Women's Studies in the Philippines," "Prostitution in the Philippines," "Filipino Migrant Workers in Spain," "Enhancing the Health of the Filipino Women," "The Paschal Mystery from a Philippine Perspective," "The Religious Woman Today and Integral Evangelization," "Towards an Asian Feminist Theology," "Introduction: My Story, a Personal Perspective," "The Asian Feminist Theology of Liberation: A Historical Perspective," "Asian Women and Christianity: A Feminist Theological Perspective," "Women in Hinduism," "Basic Tenets of Islam," "Women in Islam," "Women in Confucianism," "Women in Indigenous Religions," "Women in New Religions of Japan: Tenrikyo," at "Women in Folk Religions"</p> | 35 | 92.1% |
| Appropriation of Foreign Theories | <p>"Christ to a Contemporary Religious Woman," "Crisis as a Necessary Impetus to Spiritual</p> | 5 | 13.2% |

| | | | |
|--|---|----|-------|
| | Growth," "Benedictine Values and the Woman Question," "The Jubilee Year from Asian Women's Perspective," at " The Paschal Mystery from a Philippine Perspective" | | |
| Appropriation of Folk Philosophy | | 0 | 0.0% |
| Philosophizing using the Filipino Language | | 0 | 0.0% |
| Exposition of Foreign Systems | "The Basics of Hinduism," "Women in Buddhism," "Basic Tenets of Islam," "Women in Indigenous Religions," at "Women in New Religions of Japan: Tenrikyo" | 5 | 13.2% |
| Revisionist Writing | | 0 | 0.0% |
| Interpretation of Filipino Worldview | "The Filipino Woman: Before and After the Spanish Conquest of the Philippines," "The Roots of Women's Oppression in Religion," "Jesus Meets the Weeping Women of Jerusalem: The Filipino Women See Their Vision through the Tears," "The Filipino Woman: Before and After the Spanish Era," "The Paschal Mystery from a Philippine Perspective," "Asian Women and Christianity: A Feminist Theological Perspective," at " Women in Folk Religions" | 7 | 18.4% |
| Research on Filipino values and Ethics | "The Filipino Woman: Before and After the Spanish Conquest of the Philippines," "Redefining Religious Commitment Today: Being a Woman Religious in a Third World Country," "Theological Reflections on Violence Against Women," "Women of the Third World," "The Emerging Spirituality of Asian Women," "Religion, Culture, and Aging: An Asian Viewpoint," "The Filipino Woman: Before and After the Spanish Era," "Feminine Socialization and Education to Feminism," "The Paschal Mystery from a Philippine Perspective," "Asian Women and Christianity: A Feminist Theological Perspective" | 10 | 26.3% |
| Identification of the Presuppositions & Implications of the Filipino Worldview | | 0 | 0.0% |

| | | | |
|--|--|---|------|
| Study on the Filipino Philosophical Luminaries | | 0 | 0.0% |
|--|--|---|------|

Talahanayan 2: Mga Titulo, Bilang, at Porsyento ng mga Akda ni Mananzan sa Bawat Diskurso ng Pilosopiyang Pilipino ayon kay Demeterio

Biswal na ipinapakita ng radar chart sa Pigyur 1 ang nilalaman ng Talahanayan 2:



Pigyur 1: Percentage ng mga Akda ni Mananzan sa Bawat Diskurso ng Pilosopiyang Pilipino ayon kay Demeterio

Sa pagkakataong ito, masasaksihan ang limang nangungunang diskurso ni Mananzan: critical philosophy (92.1%), research on Filipino values and ethics (26.3%), interpretation of Filipino worldview (18.4%), appropriation of foreign theories (13.2%), at exposition of foreign systems (13.2%). Samantalang walang nailathala si Mananzan na obra sa mga diskurso ng logical analysis, phenomenology/existentialism/hermeneutics, appropriation of folk philosophy, philosophizing using the Filipino language, revisionist writing, identification of the presupposition and implications of the Filipino worldview, at study on the Filipino philosophical luminaries.

Metodo sa Pamimilosopiya ni Mananzan

Upang mabatid ang metodo sa pamimilosopiya ni Mananzan, dadalumat in sa bahaging ito ang paraan na kanyang ginamit sa limang nangungunang diskurso sa pilosopiyang Pilipinong natuklasan sa naunang seksyon: *critical philosophy, research on Filipino values and ethics, interpretation of Filipino worldview, appropriation of foreign theories, at exposition of foreign systems.*

Mga problem-based na akda ang mga obra ni Mananzan na napabibilang sa diskursong *critical philosophy*. Dahilan ang kanyang marubdob na politikal at organisasyonal na pakikibaka upang makapagsulat ng mga pag-aaral na kadalasang nagsusuri ng kalagayan ng lipunan, partikular na ang isa sa bulnerableng sektor ng komunidad—ang kababaihan. Imbis na magkaroon ng monographs, mas sumandig siya sa pagsusulat ng mga sanaysay at talumpating iipunin niya upang mailathala bilang aklat o dyornal at mga antolohiya kabilang ang iba pang mga feministang manunulat. Nagdulot ito ng tekstwal na produksyong hindi nalulunod sa mga salita at kaswal na pagkukuwento tungkol sa kanyang karanasan. Ang pagkalas ni Mananzan sa purong pamimilosopiya at teolohiya ang naging sanhi ng kanyang kritikal na pamimilosopiya. Problem-based din ang mga akda ni Mananzan na napabibilang sa diskursong *research on Filipino values and ethics*. Gawa ng kanyang karanasan sa mobilisasyon sa La Tondena¹⁸ at komperensiya sa ibang bansa ukol sa kababaihan, tiningnan niya ang pagkukulang ng mga Pilipino sa isyu ng panlipunang pagkakapantay-pantay, lalo na sa usapin ng kasarian. Ginamit niya ang pamimilosopiyang nakasentro sa feminismo at teolohiyang mapagpalaya upang labanan ang patriyarkang humubog sa mga nakagawiang halagahan at etikang Pilipino. Madarama ang kanyang presensiya sa pamamagitan ng pagtuon sa women question.

Mga problem-based na akda pa rin ang mga obra ni Mananzan na napabibilang sa diskursong *interpretation of Filipino worldview*. Malinaw na makikita ang kontribusyon ni Mananzan sa diskursong ito bilang Pilipinang pantas na may pagkakakilanlan sa kanyang pagsusumikap na dalumat in ang patriyarkal na lipunang Pilipino base sa ilang pangyayari sa kasaysayan, kasama ang epekto ng kolonisasyon at Kristiyanismo sa Pilipinas. Upang magkaroon ng saysay ang kanyang feminismo at konsepto ng teolohiyang mapagpalaya, komprehensibong nag-ambag si Mananzan ng implikasyon ng kulturang patriyarkal sa lipunang nagbigay-implikasyon sa Pilipinong identidad at pananaw sa mundo. Sa kabila nito, karamihan sa mga Pilipino

¹⁸ Edna Estopace, "Sister Act(IVIST), in *The Philippine Star* (15 April 2012), <<http://www.philstar.com/starweek-magazine/796643/sister-act-ivist>>, 10 September 2015.

ang hindi nakauunawa sa katuturan at direksyon ng ganitong moda ng pamimilosopiya.

Mga problem-based na akda ang mga obra ni Mananzan na napabibilang sa diskursong appropriation of foreign theories. Sinikap niya ang pagbubuo ng intelektwal na dayalogo sa pagitan ng ilang pilosopikal na sistema ng mga dayuhang makapagpapaliwanag ng lokal na sitwasyon ng bansa, lalo na ang mahihirap at kababaihang biktima ng opresyon. Kakaunting mga Pilipinong pantas ang sumusuong sa pilosopikal na diskursong ito. Namintisan ng karamihan sa mga iskolar ang importansiya ni Mananzan dahil bukod sa pagpokus niya sa women question, binubuo ng kalalakihan ang karamihan sa mga intelektwal. Isinuong ni Mananzan ang larangan ng teolohiya at mga tradisyonal na pangaral ng Kristiyanismong nag-aambag sa kasalukuyang masalimuot na sitwasyon ng mga marhinalisadong mamamayan, kabilang ang kababaihan.

Hindi na rin nakapagtataakang tumulak si Mananzan sa pagkakaroon ng mga problem-based na obrang napabibilang sa diskursong exposition of foreign systems. Sa pagkakataong ito, mainam na panimulang punto ng tekstwal na kalikasan ang diskusyon niya ukol sa Hinduismo, Budismo, Islam, Tenrismo, at katutubong relihiyon upang umusbong ang apropiyasyon ng mga teoryang dayuhan. Inilantad niya rito na hindi lamang sa Kristiyanismo nananaig ang pagkakalugmok ng kababaihan na may mababang pagtingin. Isinisiwalat nito ang mga pilosopikal na kaisipang dayuhan upang kalaunang itulak sa pagsasakonteksto sa bansa at magagamit sa larangan ng araling pangkababaihan bilang bahagi ng kanyang proyekto.

Praksiyolohiya ni Mananzan

Sa ikalimang sanaysay, ibinahagi ni Mananzan na noong 1975 bumuo ang Association of Major Religious Superiors in the Philippines ng apat na klasipikasyon ng panghihikayat ng Simbahan sa ilalim ng diktadurya ng rehimeng Marcos: 1) di-kritikal na pakikiisa, 2) mapanuring kolaborasyon, 3) kritikal na pagkilos, at 4) suporta sa armadong pakikibaka.¹⁹ Mula sa metikulosong pag-aaral ng kanyang mga panulat at praksis, ipinosisyon ni Mananzan ang kanyang sarili sa ikatlong moda ng politikal na pakikibaka bukod pa noong panahon ng Batas Militar. Minatiyagan niya ang kalagayan at hindi ito natigil matapos ang publikasyon ng kanyang mga pagsusuri, datapwat malaking tipak ng kanyang oras ang para sa mobilisasyon at organisasyon ng mga mamamayan. Mahalagang magunita na naunang maging radikal si Mananzan kaysa sa kanyang pagiging feminista.

¹⁹ Cf. Mary John Mananzan, "Church-State Relationships during the Martial Law in the Philippines, 1972-1986," in *Studies in World Christianity*, 8:2 (October 2002), 197-200.

Buhat ng kanyang mga politikal na pagtitipon at demonstrasyong siya rin minsan ang nagsasaayos, mahahaba ang panahong imersyon at interaksyon ni Mananzan kasama ang mga Pilipinong nasa laylayan. Masasaksihan ang pangmatagalang praksis niya sa pamamagitan ng mga lupon at institusyong may politikal na oryentasyong tinutulungan at pinamumunuan niya, gaya ng: 1) the Friends of the Workers noong 1975, 2) the Filipina noong 1977, 3) the Citizens' Alliance for Consumer Protection noong 1978, 4) GABRIELA noong 1984, 5) the Filipino Migrant Workers' Center noong 1984, at 6) the Institute of Women's Studies noong 1988.

Sa anim na ito, ang Friends of the Workers at ang Citizens' Alliance for Consumer Protection lamang ang walang direktang kaugnayan sa kanyang feminisong adbokasiya dahil nabuo ang mga ito bago ang kanyang pagiging feminista noong 1977. Ipinanganak ang grupong Friends of the Workers dahil sa kanyang tinatawag na "binyag sa apoy" nang maganap ang pag-aaklas sa La Tondena at nasaksihan niya mismo ang brutal na kapulisan at armadong puwersa sa mga nagra-rally na manggagawa. Inalagaan at ibinigay ng organisasyong ito ang mga pangangailangan ng mga manggagawa upang mabatid at matuto silang pangatawananan ang kanilang karapatan.

Hindi kalaunan, naging daan ang grupong ito upang magpokus si Mananzan sa mahihirap at mga maralitang nasa lungsod, sapagkat bahagi ng mahihirap ang mga tinulungan nilang manggagawang maralitang nakatira rito. Isang pagtaliwas sa mataas na produktong petrolyo ang nagpausbong sa Citizens' Alliance for Consumer Protection. Unti-unti itong uminog sa usapin ng globalisasyon, seguridad sa pagkain at tubig, peligrong nukleyar, at nutrisyon ng mga yaring pagkain. Sa organisasyong ito, nakilala ni Mananzan si Christina Ebro Carlos na nagturo sa kanya ng simulain ng aktibismo ng kababaihan at parlyamentarismo sa lansangan.

Gawa ng pagiging feminista ni Mananzan noong 1977, nagresulta ng dagliang pagkakatag ng grupong Filipina. Noong makabalik mula sa Women's Conference sa Venice, binuo niya ang organisasyon kasama sina Remy Rikken, Tagapangulo ng Philippine Commission for Women (na dating community organizer sa Mindanao); Teresita Deles, kasalukuyang Presidential Adviser for Peace Process (na dating guro ng literatura sa Kolehiyo ng Maryknoll at peace and development advocate); at Irene Santiago, Chair Emerita at Chief Executive Officer ng Mindanao Commission on Women (na dating mamamahayag at peace advocate sa Mindanao). Nakapokus ang Filipina upang unawain at ilaan ang atensyon sa iba't ibang usyu ng kababaihan sa Pilipinas, partikular na ang kalagayan ng mga Pilipinang prostitute. Kinilala ang Filipina bilang kauna-unahang feministang organisasyon sa bansa.

Lumutang ang GABRIELA dahil sa Center for Women Resources, isang organisasyong pinamunuan ni Mananzan noong 1982 kabilang ang sosyolohista at tagapagtaguyod ng babaylanismong si Marianita Villariba. Pinangunahan ng Center for Women Resources ang pag-organisa ng isang forum na dinaluhan ng mga feministang organisasyon sa Pilipinas noong 1984, na siyang nagluwal ng umbrella organization na GABRIELA na halos 200 ang mga miyembrong organisasyon. Bunga ng konseptwalisasyon ng feminista at pambansang demokratikong balangkas, itinaguyod ng GABRIELA ang mga isyung kinakaharap ng kababaihan. Taong 2003, naging politikal na partido ang GABRIELA na nagsilang ng sariling mga babaeng kandidato para sa pambansang lehislatura. Sa kasalukuyan, si Mananzan ang Chairperson Emerita ng GABRIELA.

Resulta ng pananaliksik ni Mananzan ukol sa kolonyal na kasaysayan ng Katolisismo sa Pilipinas ang Filipino Migrant Workers' Center sa Madrid, Spain. Nasaksihan niya rito ang masaklap na sitwasyon ng Overseas Filipino Workers (OFWs) na halos kababaihan ang bumubuo. Gumawa siya ng paraan upang ma-organisa sila at magkaroon ng legal na rekognisyon. Gayong taon ng sabatikal ni Mananzan, hindi niya mapigilan ang sariling tumulong at tipunin ang mga indibidwal.

Noong Dekano pa ng St. Scholastica's College, sumulpot ang Institute of Women's Studies dahil sa kagustuhan ni Mananzan na bigkisin sa isang kurikulum ang araling pangkababaihan sa programang tersiyarya. Upang maisakatuparan ang Institute of Women's Studies, pinangunahan niya ang paglinang sa mga kurso at modyul kabilang ang ilang mga fakulti at ang mga nagboluntaryo mula sa grupong Filipina at GABRIELA. Hindi nagtagal, nilubos ng institusyon ang pagkakataon upang magbigay-kapangyarihan at magsagawa ng feministang pormasyon hindi lamang para sa mga elit na mag-aaral ng St. Scholastica's College, gayundin ang mga Filipinang nasa laylayan, at interesadong kababaihang nananahan sa umuunlad pa lamang na bansa. Sa tulong ng donasyon ng dayuhan, nakapagpatayo ng sariling tahanan ang Institute of Women's Studies sa labas ng St. Scholastica's College na pinangalanang "Nursia," sumasangguni ito sa lugar ng kapanganakan nina St. Benedict at St. Scholastica.

Dagdag pa sa manipestasyon ng praksis ni Mananzan ang mga adbokasiya bilang miyembro ng Ecumenical Association of Third World Theologians (EATWOT) at ng Association of Major Religious Superiors in the Philippines (AMRSP). Naroroon si Mananzan nang itatag ang EATWOT noong 1976. Nang magdaos ng komperensiya ang EATWOT sa New Delhi, India noong 1981, isinulong ni Mananzan ang pagkakaroon ng organisasyon ng sariling Women's Commission kabilang ang iba pang Pilipinang feministang madre na sina Virginia Fabella at Nila Bermisa ng Maryknoll Sisters of Saint Dominic, Rosario Battung ng Religious of the Good Shepherd,

at iba pang feministang teolohista. Sa pamamagitan ng Women's Commission, sinimulan nina Mananzan at ng grupo ang pagsasagawa ng feministang teolohiya ng umuunlad pa lamang na bansa (feminist Third World theologizing). Mas matanda ang AMRSP kaysa sa EATWOT dahil itinatag ito noong 1971 na may layong mas radikal na restruksyon upang maipaabot sa iba pang relihiyosong organisasyong miyembro nito ang hindi makatarungang panlipunang kaayusan sa bansa.

Taong 2004 lamang nang maging miyembro si Mananzan ng AMRSP noong maihalal bilang Prioress ng Maynila ng Missionary Benedictine Sisters of Tutzing, mula 2007 hanggang 2012; naging co-chairperson pa siya ng naturang organisasyon. Pinamunuan rin ni Mananzan ang ilang grupo upang wakasan ang mga anomalya ng administrasyon ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Matapos ang kanyang termino sa nasabing organisasyon, nasaksihan pa rin siya laban sa mga gusot ng administrasyon ng Pangulong Benigno Aquino III tulad ng pork barrel scam at sekswal na eksploitasyon ng mga Pilipina sa gitnang silangan.

Pananaw sa Lipunang Pilipino

Sa mga sanaysay at talumpati ni Mananzan, matingkad ang imahen ng isang lipunang binabagabag ng mga sumusunod na suliranin: patriyarkal na relihiyon, dispalinghadong politikal na ekonomiya, patriyarkal na kultura, at patuloy na epekto ng kolonisasyon.

Patriyarkal na Relihiyon

Makikita sa siyam na sanaysay at talumpati ni Mananzan ang kanyang diskusyon ukol sa idinudulot ng patriyarkal na relihiyon sa lipunang Pilipino: 1) "Emerging Spirituality of Women: the Asian Experience," 2) "Woman and Religion," 3) "The Religious Woman Today and Integral Evangelization," 4) "Towards an Asian Feminist Theology," 5) "Redefining Religious Commitment Today: Being a Woman Religious in a Third World Country," 6) "Benedictine Values and the Woman Question," 7) "Asian Women and Christianity: a Feminist Theological Perspective," 8) "Theological Reflection on Violence Against Women," at 9) "Feminist Theology in Asia: A Ten-Year Overview."

Una, sinundan ni Mananzan ang resulta ng imbestigasyon ng mga arkeolohista at historyador ukol sa pangunahing pagtingin sa mga diyosa kaysa sa mga diyos noong sinaunang panahon sa Egypt, India, at maging sa Pilipinas. Dahilan ang pagiging tagapamahala ng mga diyosa sa sangkatauhan at kalikasan, pagkakaroon ng mahika, at kakayahan sa sining. Sa sinaunang konsepto ng bathala sa Pilipinas, diumanong itinuturing itong

walang kasariang panginoon. Gayunman, kaakibat ng pananakop ng Espanyol ang relihiyong Kristiyanismo at ayon kay Mananzan: “isinaalang-alang sa Hudeo-Kristiyanong kultura ang lalaking imahen ng diyos na nagdulot ng pagkakatatag ng patriyarkal na monoteismong hindi pumapatotoo sa lahat ng panahon at kultura.”²⁰

Sa patuloy na pag-usbong ng Kristiyanismo, lubos na nawala ang prinsipyo ng pagkakapantay-pantay sa kasarian na itinatag sa pamamagitan ni Hesus. Ang minanang patriyarkalismo ng Kristiyanismo mula sa mga Hudyo, Griyego, at Romano ay humantong sa pagkakahiwalay ng relihiyosong kababaihan at domestikasyon ng mga babaeng layko. Sanhi rin ito upang maging eksklusibong teritoryo ng kalalakihan ang pampublikong espasyo. Pinaghihinalaang mga lingkod ng kasamaan ang mga babaeng hindi sumusunod sa kinagawiang pagiging domestikadong asawa o ina.²¹

Sa kasalukuyan, isinalaysay ni Mananzan na patuloy ang dominasyon ng Simbahang Katoliko sa kababaihan. Itinatangi ng maskulinong hirarkiyang kilalanin ang posibilidad ng ordinasyon ng babae, gayong mas aktibo at marubdob na sektor sila sa simbahan. Nagmamatigas ang liturhiya sa maling politikal na pagkiling sa maskulinong kasarian.²²

Dispalinghadong Politikal na Ekonomiya

Una, pinuna ni Mananzan ang paulit-ulit na pagsandig ng Pilipinas sa ekonomiya ng ibang bansa. Ilan sa pinakamalinaw na manipestasyon ang mga sumusunod: madalas na paghiram sa International Monetary Fund (IMF), pagdepende sa mga transnasyonal na kompanya upang magbigay-trabaho, malabong polisiya ng pagluluwal sa milyong Pilipino abroad, at ang 1947 Military Bases Agreement sa Estados Unidos kapalit ang simbolikong proteksyon.²³

Ipinapakita ni Mananzan na hindi lamang sinisira ng pagsandig na ito ang politikal na ekonomiya sa dahilang nakikialam ang mga dayuhan sa

²⁰ Mananzan, “Woman and Religion,” 5-6.

²¹ Mary John Mananzan, “Asian Women and Christianity: A Feminist Theological Perspective,” in *Woman, Religion, and Spirituality in Asia* (Manila: Institute of Women’s Studies, St. Scholastica’s College, 2004), 27.

²² *Ibid.*, 33.

²³ Cf. Mary John Mananzan, “The Jubilee Year from Asian Women’s Perspective,” in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women’s Studies, St. Scholastica’s College, 1998), 142-143. Cf. Mary John Mananzan, “Sexual Exploitation of Women in the Third World,” in *Essays on Women* (Manila: St. Scholastica’s College, 1987), 98-99, 100. Cf. Mary John Mananzan, “Globalization and the Perennial Question of Justice,” in *Liberating Faith: Religious Voices for Justice, Peace, and Ecological Wisdom*, ed. by Roger Gottlieb (New York: Rowman and Littlefield Publishers, Inc., 2002), 286. Cf. Mary John Mananzan, “Prostitution in the Philippines,” in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women’s Studies, St. Scholastica’s College, 1998), 199.

pagpapalano at layunin ng bansa. Nang piliin ng Pilipinas ang madaling daan, hindi ito nakausad upang mag-isip ng kongkretong paraan at harapin ang matapang na desisyong tutugon sa mga pundamental na problema sa aspekto ng politikal na ekonomiya tulad ng mga sumusunod: "1) 'di pagkakapantay na distribusyon ng bukal ng produksyon, lupa, at kapital at 2) kontrol ng mga dayuhan (US at Japan) sa ekonomiya ng mga transnasyonal korporasyon."²⁴

Patriyarkal na Kultura

Itinuro ni Mananzan na sa pagsilang pa lamang ng sanggol, nagkakaroon na ng reproduksyon ng ideya sa kasarian sa patriyarkal na lipunan gaya ng Pilipinas–kapag babae ang sanggol, isinasalang ito sa kulay rosas na krib at aksesorya, asul naman para sa mga lalaki. Kapag lumaki na sila at may kakayahang maglaro, mga manika at lutu-lutuan ang ibinibigay sa mga babae, habang baril-barilan, maliliit na tangke, at iba pang maskulinong laruan para sa mga lalaki.²⁵

Sa paaralan, isang ekspektasyon na dapat magaling sa asignaturang wika at literatura ang mga babae, samantalang matematika at agham naman para sa mga lalaki. Sinasanay ang mga babae upang maging pasibo, maamo, tago, maging tagasuporta, samantalang tinuturuang maging abenturero, matinik sa pagdedesisyon, pursigido, at matapang naman ang mga lalaki. Dagdag pang matuto dapat ang mga babaeng manamit at mag-make-up dahil hinuhubog na ang pinakaultimong mithiin nila sa buhay ang makahanap ng lalaking magbibigay sa kanila ng "happy ever after."

Sa mahihirap na pamilya, mas dehado ang estado ng mga babae. Nagiging mas mahalagang makapag-aral ang mga lalaki sa paniwalang mag-aasawa rin kalaunan ang mga babae. Iniaatas ang gawaing-bahay sa mga babae tulad ng pagluluto, paglilinis, at maging paglalaba ng mga damit ng mga kapatid na lalaki.²⁶

Nagiging domestikado ang kababaihan gawa ng kahalagahan sa pagkabirhen, habang libre namang nakagagala ang kalalakihan kahit gabi na sa paniwalang "wala namang mawawala sa kanila."²⁷ Itinatanim sa isipan ng mga batang babae na kapag nawala na ang kanilang pagkabirhen, wala na silang kwenta. Ipinaiisip sa kanila na ang pinakapinal nilang layunin ang

²⁴ Mananzan, "Sexual Exploitation of Women in the Third World," 209.

²⁵ Mary John Mananzan, "Benedictine Values and the Woman Question," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998), 59.

²⁶ *Ibid.*

²⁷ Cf. Mary John Mananzan, "Women in the Third World: Beyond the Patriarchal Age," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998), 81.

magpakasal, magkaanak, at gawing matibay ang pamilya anomang mangyari, gayong may ilang mapagsamantalang asawang pisikal at emosyonal na silang binubugbog.²⁸

Sa lipunang patriyarkal tulad ng Pilipinas, pinakamakapangyarihan ang mass media sa reproduksyon ng mga ideya sa kasarian at estereotipo. Kumakatawan ang mga nilalakong produktong kemikal at pagkain sa gawaing-bahay kung saan ipinapakitang masaya at madaling gawain ang mga ito.²⁹ Sa mga naratibong palabas, ibinibigay sa kababaihan ang mga minoryang papel, pagiging estupido, o malaswa.³⁰

Hindi itinanggi ni Mananzan na parehong may mga ideolohiyang pangkasarian para sa babae at lalaki, ngunit ang patriyarkal na kaayusan ang nagtutulak para sa banayad na karahasang natatanggap ng mga Pilipina. Aniya, hindi makatarungang ipinakahulugan ang pagkababae sa gawaing-bahay dahil pareho namang ekonomikal na produktibo ang babae at lalaki. Pagdidiin pa: "Kahit na parehong walong oras na nagtatrabaho sa labas ang mag-asawa; may gawaing-bahay o may obligasyon pa rin ang mga babae rito kahit may mga kasambahay."³¹

May mga kaso pa ng pananakit sa kababaihan (wife battering) hindi dahil sa kakayahang pisikal ng kalalakihan, bagkus tinatanggap na lamang din ito ng kababaihan dahil pinansyal at emosyonal silang nakadepende sa kanilang mga asawa. Alinsunod dito ang ilan pang isyu ng pagtatalik sa napakalapit na magkamag-anak (incest) at panggagahasa (rape) gawa ng dominasyong patriyarkal.

Patuloy na Epekto ng Kolonisasyon

Kabilang sa feministang proyekto ni Mananzan ang pagsusuri niya ukol sa kolonisasyon ng Espanyol at Amerikano. Sinimulan niya ang pag-aaral sa kung paano alterahin ng mga mananakop na Espanyol ang konstruksyon ng isang Pilipina. Bago pa dumating ang mga dayuhan, may sariling hirarkiya ang sinaunang lipunan na pinamumunuan ng mga lider ng tribo. Sa komunidad na ito, kagalang-galang ang sinaunang Pilipina gawa ng kanilang kakayahang mamuno, manggamot, magsilbing tulay sa espiritual na mundo, mag-alay sa mga diyos at diyosa, at magsilang ng mga indibidwal sa susunod na henerasyon.

Base pa sa mga nakalap na impormasyon sa pre-kolonyal na Pilipina ayon kay Teresita Infante: pantay ang mga mana, gawaing-bahay, at

²⁸ Cf. Mananzan, "Benedictine Values and the Woman Question," 60.

²⁹ Cf. Mananzan, "Women in the Third World: Beyond the Patriarchal Age," 82.

³⁰ Cf. Mananzan, "Benedictine Values and the Woman Question," 60.

³¹ Mananzan, "Women in the Third World: Beyond the Patriarchal Age," 81.

oportunidad sa edukasyon sa anak na lalaki at babae.³² Matayog ang estado ng mga sinaunang Pilipina, kaya hindi isinasagawa ang pagbibigay-dote (dowry); katunayan, lalaki pa ang nag-aalay ng mga regalo at serbisyo sa pamilya ng babae.³³

Bukod dito, nakita ng mga manunulat na Espanyol ang Pilipina na tinawag nilang *mujer indigena* bilang may kakayahang mangasiwa, may mataas na moral, kapansin-pansin sa industriya, may kapasidad na magsakripisyo, magaling sa pagdedesisyon, at may sensitibidad.

Nang ipataw ng mga Espanyol ang kultural na modelo at patriyarka, inalis ang mga Pilipina sa pampublikong espasyo at itinulak sa mga tahanan at kombento. Itinuro pa ang modelo ng pagkababaeng halaw sa imahen ng Birheng Maria.³⁴ Binansagan pang mga mangkukulam at tagapaglingkod ng masasamang elemento ang makakapangyarihang babaylan. Tinuruan ang mga sinaunang Pilipinong tanggapin ang pagdurusa tulad ng pagtanggap ni Hesus ng Nazareth sa sinapit na pagpapasakit.³⁵

Noong dumating ang mga Amerikanog kolonisador, pinalakas nila ang modelo ng Iberyang pagkababaeng may imahen ng ika-19 siglong Amerikanong babae.

Gayunman para kay Mananzan, hindi tuluyang naiwaksi ng makapangyarihang kultural na imahen ng *mujer indigena* dahil sa kolektibong alaala sa mga sinaunang Pilipina. Makikita ito sa modernong babaylan na si Marianita Villariba, at sa historikal na pigura ni Gabriela Silang (1731-1763), Melchora Aquino (1812-1919), at Gregoria de Jesus (1875-1943). Gayun din ang mapayapang aktibismo ng kababaihang Kalinga na lumaban sa proyekto ng rehimeng Marcos ukol sa Chico River dam at Suprema ng Ciudad de Mystica de Dios sa Mount Banahaw na si Isabel Suarez.³⁶

³² Cf. Mary John Mananzan, "The Filipino Woman: Before and After the Spanish Conquest," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998), 149-150.

³³ *Ibid.*, 157.

³⁴ *Ibid.*, 166.

³⁵ Pui-Lan Kwok, *Introducing Asian Feminist Theology* (Sheffield, England: Sheffield Academic Press, Ltd., 200), 84.

³⁶ Cf. Claussen, *Unconventional Sisterhood: Feminist Catholic Nuns in the Philippines*, 62. Cf. Mananzan, "Woman and Religion," 42. Cf. Mary John Mananzan, "Jesus Meets the Weeping Women of Jerusalem: The Filipino Women See their Vision through the Tears," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998), 66-67. Cf. Mary John Mananzan, "Women in Folk Religion: Suprema Isabel Suarez," in *Woman, Religion, and Spirituality in Asia* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 2004), 229-236.

Kongklusyon

Sinasalamin ng pilosopikal na diskurso ni Mananzan ang aktibong misyon upang makiisa sa orihinal na dibuho ng Diyos sa sanlibutan—ito ang pagkakapantay-pantay ng bawat isa. Sinimulan niya ito sa pamamagitan ng matinding pakikisalamuha at pakikipaglaban sa eksploitasyon ng mabababang uring manggagagawa. Sa pamamagitan nito, mas mauunawaan maging ng mga ordinaryong mamamayan kapag mawaksi ang karaniwang nararansang eksploitasyon, diskriminasyon, at opresyon bilang mukha ng kongkreto at lubos na kaligtasan para sa mga taong nasa laylayang binubuo ng maraming kababaihan. Mas may saysay ito kung patuloy ang pag-aalala sa orihinal na mithiin at imahen ni Hesus bilang tagapagtatag ng samahang nagsantabi ng diskriminasyon sa lahi, relihiyon, lipunan, at kasarian.

Naging makabuluhan ang kombinasyon ng pundasyon ni Mananzan kaakibat ang pilosopiya, misyolohiya, at Marxismo. Nahubog siya upang maging mapanuri at replektibo sa sariling misyon tungo sa pagwawaksi ng 'di makatarungang pamamalakad at kawalan ng pagkakapantay-pantay mula pa noong panahon ng Batas Militar hanggang sa kasalukuyan.

Maituturing na dakilang pilosopong Pilipina si Mananzan sapagkat hindi siya natinag sa komportableng kalagayan, bagkus isinuong ang adbokasiya kasama ang mahihirap at api sa lipunan. Hindi napigil ng kanyang pakikibaka ang pagkakaroon ng mga tekstwal na proyekto. Datapwat ginamit ang kanyang matinding karanasan at pagkakalublob sa reyalidad upang kalaunang makabuo ng mga panulat na makagpapaliwanag ng kanyang hangarin at pilosopiya.

Department of Filipino, De La Salle University, Philippines

References

- Abulad, Romualdo E., and Emerita Quito, *Ensayklopedia ng Pilosopiya* (Manila: De La Salle University Press, 1993).
- Brewer, Carolyn, *Shamanism, Catholicism, and Gender Relations in Colonial Philippines, 1521-1685* (Aldershot, England: Ashgate Publishing Limited, 2004).
- Claussen, Heather L., *Unconventional Sisterhood: Feminist Catholic Nuns in the Philippines* (Ph.D. Dissertation, San Diego, California: University of California, 1998).
- Dean, Rebecca, "Documenting GABRIELA Network, an Activist Filipina Women's Organization," in *Thinking Gender* Special Issue (2009), 13-14.

- Demeterio, F.P.A. III and Leslie Anne Liwanag, "Ang Pilosopiya ni Pierre Bourdieu bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 8:2 (2014), <http://www.kritike.org/journal/issue_15/demeterio&liwanag_december2014.pdf>.
- Demeterio, F.P.A. III, "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy," in *Philippiniana Sacra*, 69:147 (May-August 2014).
- _____, "Rereading Emerita Quito's Thoughts Concerning the Underdevelopment of Filipino Philosophy," in *F.P.A. Demeterio's Philosophy and Cultural Theory Page* (October 1998), <<https://sites.google.com/site/feorillodemeterio/re-readingemeritaquito>>, 1 February 2011.
- _____, "Status of and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co.," in *Φιλοσοφία: International Journal of Philosophy*, 14:2 (2013).
- _____, "Thought in Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy," in *F.P.A. Demeterio's Philosophy and Cultural Theory Page* (April 2002), < <http://sites.google.com/site/feorillodemeterio/thoughtandsocio-politics>>, 1 February 2011.
- Estopace, Edna, "Sister Act (IVIST)," in *The Philippine Star* (15 April 2012), <<http://www.philstar.com/starweek-magazine/796643/sister-act-ivist>>, 10 September 2015.
- Enriquez, Virgilio, *Mga Babasahin sa Pilosopiya: Epistemolohiya, Lohika, Wika, at Pilosopiyang Pilipina* (Quezon City: Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 1983).
- Kravstev, Andrei, "What is Missiology" (Unpublished Paper submitted to Trinity Evangelical Divinity School, 2012).
- Kwok, Pui-lan, *Introducing Asian Feminist Theology* (Sheffield, England: Sheffield Academic Press, Ltd., 2000).
- Liwag, Paolo, "A Biography of Sr. Mary John Mananzan, OSB: A Look into a Socio-Political Activist's Radicalization" (Thesis, Manila: De La Salle University, 2008).
- Liwanag, Leslie Anne and F.P.A. Demeterio III, "The Theory and Praxis of Sr. Mary John Mananzan, OSB: Some Contributions to Filipino Philosophy" (Paper Presented at the *Pambansang Kumperensiya sa Araling Filipino*, Corregidor, Bataan, 15-16 May 2015).
- Mananzan, Mary John, "Asian Women and Christianity: A Feminist Theological Perspective," in *Woman, Religion, and Spirituality in Asia* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 2004).

- _____, "Benedictine Values and the Woman Question," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).
- _____, "Church-State Relationship during the Martial Law in the Philippines, 1972-1986," in *Studies in World Christianity*, 8:2 (October 2002).
- _____, "Emerging Spirituality of Women: The Asian Experience," in *Challenging to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1987).
- _____, "Enhancing the Health of Filipino Women," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).
- _____, "Feminine Socialization and Education to Feminism," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).
- _____, "Feminist Theology in Asia: A Ten Year Overview," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).
- _____, "Filipino Women Migrant Workers in Spain," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).
- _____, "Globalization and the Perennial Question of Justice," in *Liberating Faith: Religious Voices for Justice, Peace, Ecological Wisdom*, ed. by Roger Gottlieb (New York: Rowman and Littlefield Publishers, Inc., 2002).
- _____, "Jesus Meets the Weeping Women of Jerusalem: The Filipino Women See their Vision through the Tears," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).
- _____, "My Story," in *Woman, Religion, and Spirituality in Asia* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 2004).
- _____, *Nonsense: The Spiritual Journal of a Feminist Activist Nun* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 2012).
- _____, "Prostitution in the Philippines," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998), 196-208.
- _____, "Redefining Religious Commitment Today: Being a Religious in a Third World Country," in *Challenges to the Inner Room: Selected*

Essays and Speeches on Women (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____, "Religion, Culture, and Aging: An Asian Viewpoint," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____, "Sexual Exploitation of Women in a Third World Setting," in *Essays on Women* (Manila: St. Scholastica's College, 1987).

_____, "The Asian Feminist Theology of Liberation: A Historical Perspective," in *Woman, Religion, and Spirituality in Asia* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 2004).

_____, "The Filipino Woman: Before and After the Spanish Conquest," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____, "The Jubilee Year from Asian Women's Perspective," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____, "The Paschal Mystery from a Philippine Perspective," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____, "The Religious Woman Today and Integral Evangelization," in *Woman and Religion: A Collection of Essays and Personal Histories* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____, "Theological Reflection on Violence against Women," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____, "Towards an Asian Feminist Theology," in *Woman and Religion: A Collection of Essays and Personal Histories* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____, "Woman and Religion," in *Woman and Religion: A Collection of Essays and Personal Histories* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____, "Women in Folk Religion: Suprema Isabel Suarez," in *Woman, Religion, and Spirituality in Asia* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 2004).

_____, "Women in the Third World: Beyond Patriarchal Age," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women*

(Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

_____. "Women's Studies in the Philippines," in *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women* (Manila: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, 1998).

Mina, Roces, "The Filipino Catholic Nun as the Transnational Feminist," in *Women's History Review*, 17:1 (2008).

Quito, Emerita, *Ang Kasaysayan ng Pilosopiya* (Manila: Zone Printing, 1974).

Wittgenstein, Ludwig, *Tractatus Logico-Philosophicus*, trans. by C.K. Ogden (Project Gutenberg, 2010).